FP

Republika ng Pilipinas)
Lungsod ng Maynila)

SINUMPAANG SALAYSAY NI
ZENAIDA T. JAVIER

Ako si Zenaida T. Javier, 57 taong gulang, isang balo, naninirahan sa 2531 Pasig Line St. Sta. Ana, Manila, nagtratrabaho ako bilang isang kasambahay, sa malapit lang sa tirahan namin, matapos na makapanumpa nang naaayon sa saligang batas ng Pilipinas ay nagsasaad ng mga sumusunod:

1. Ako ang nanay ni Reynaldo Tan Javier, Jr., 30 taong gulang, mas kilala bilang JR. Siya ay pinatay ng mga pulis noong 25 May 2017. Samantalang ako, at ang kinakasama ng anak kong si JR na si Elaine ay nakakulong ngayon dito sa Manila City Jail.

2. Noong madaling araw ng 25, nag away silang mag asawa, ang anak ko at si Elaine. Nakatira lang ako doon malapit sa kanila. Nakatira ako sa likurang bahagi ng bahay nila habang nakatira sila sa harapan. Kwarto kwarto kasi yun. Sila ung nasa kwarto sa harap. Pinuntahan ko sila doon kasi nag away silang mag asawa.

3. Nais na namang kasing umalis ni Elaine sa tinitirahan nila nang anak kong si JR. Tumawag sakin ang anak ko, sabi niya "MA. AALIS NANAMAN SI ELAINE, PAG USAPAN NIYO."

4. Pumunta ako sa bahay nila at sinubukan kong pagbatiin sila. Sinabi ko sa kanya, kung ano man ang problema mo, wag ka na umalis at dito ka nalang. Sumunod naman sakin yung asawa niya.

5. Malapit nang manganak noon si Elaine. Walang wala sila. Walang pera ang magsawa kaya't binuksyan ko ang aking alkansya at binigay ko ang natatabi ko'ng pera. Nasa singkwenta pesos lamang umabot ang mga barya na nakuha ko sa alkansya.

6. Maya maya habang naroon kami sa bahay nila doon din sa may 2531 Pasig Line St. Sta. Ana, Manila. Nag-aayos ng gamit na dadalahin sa ospital, mayroong dumating na mga tao. Hinahanap nila si JR, anim o pito na naka itim. Wala silang bonet at may dalang baril. May isa na naka uniporme ng pulis. Naka-jacket ito sa ibabaw [ng uniporme] kaya di ko masyado mapansin.

7. Pinatay nila yung ilaw tapos sabi ng anak ko, "SUSUKO AKO, WAG NIYO LANG AKO PATAYIN. SASAMA AKO." Nasa taas ako nun, yung anak ko nasa baba. Ang higaan kasi nila may taas, may baba. May hagdanan lang na maliit.

8. Paulit-ulit na sinabi ng anak ko, "MAMA WAG MO AKO IWAN." Kaya hinarangan ko. Nagmakaawa pa ulit ang anak ko, ang sabi nya "Sasama ako, wag niyo lang ako patayin. Mama, wag mo ako iiwan."

9. Apat yung nasa loob. "UMALIS KA DYAN!" ang sabi sa akin nung isa. Hinatak ako sa hagdan, sinabunutan ako. May mga baril sila. Sabi ulit ng anak ko. "MAMA WAG MO AKO IWAN." Nakayakap yung anak ko kay Elaine. Kinaladkad nila ako sa kalsada. Tapos sinakay ako sa motor.

10. Wala silang warrant. Wala silang pinakitang document, ni hindi man lang nagpakilala. Naiwan dun yung manugang ko na buntis. Si Elaine kasi ayaw bumitaw. Nakayakap siya kay JR, kaya hinila sya. Si Elaine ay umiiyak din nun, buntis pa siya.

11. Mga bandang alas dos ng umaga, dinala ako sa presinto. Dinala ako sa Women's [Desk]. Mga isang oras ako noon sa Women's. Hinantay namin si Elaine.

12. Nang dumating na si Elaine, dinala kami sa SAID. Piniktyuran nila kami. Piniktyuran din nila kami kasama ang mga foil at bato na inabot lang nila sa amin noon.

13. Kasama si Elaine, dinala nila kami sa Ospital ng Maynila para magp-medical certificate nang hindi man lang tinitingan ng doctor.

14. Nang bumalik na kami sa Station 6 at ikinulong, ang sabi sa amin nung police, "KUNIN NIYO ANAK NIYO SA STA. ANA NA MORGUE." Nagiiyak na ako, pati si Elaine nang sinabi ito sa amin ng mga pulis.

15. Hindi namin alam bakit kami dinala sa prisinto, at bakit kami kinulong. Ang sabi noong Fiscal Almeda ng Rm 309, singko ang penalty ko.

16. Nang nakakulong na kami, nalaman ko na lahat ng nakakulong, ganun ang ginagawa nila. Ganun din ang kwento.

17. Halos dalawa't kalahating buwan din ako sa Station 6 bago ako inilipat dito sa Manila City Jail.

18. Simula noong hinuli nila ako, dalawang beses akong na ospital, una, nang inatake ako sa puso. Pangalawa, nang dinala ako sa ospital sa Sta Ana dahil hinimatay ako. Ayaw kasi nila akong payagan makalabas para makita ko man lang ang anak kong si JR bago siya ilibing.

19. Nang dinalaw ako ng kapatid ko, ibinalita nya sa akin na mahihirapan daw kami patunayan ang nangyari dahil bukod sa pinatay daw ang mga CCTV para hindi makapagrecord ng pangyayari, ay pinasarado din lahat ng tindahan at mga pinto at bintana sa mga nakapaligid na bahay nang pinatay nila ang anak ko.

BILANG PATUNAY ay nilagdaan ko ang salaysay na ito ngayong 04 SEP 2017 sa ___ ___ ___ ___.

Z. Javier

ZENAIDA JAVIER